Supplemental Security Income (SSI)

**2008 na Edisyon**

# Unawain ang SSI: Representative Payee Program (Programa para sa Kinatawan na Tatanggap ng Bayad)



## ANO ANG ISANG REPRESENTATIVE PAYEE?

Ang isang representative payee ay isang tao, ahensiya, organisasyon o institusyon na pinili namin upang pamahalaan ang iyong mga pondo kapag natiyak naming hindi mo ito magagawa.

Bago magtakda ng isang representative payee, kailangan naming tasahan ang medikal o iba pang uri ng ebidensiya tungkol sa iyong kakayahang pamahalaan ang iyong mga benepisyo sa SSI. Gumagamit kami ng listahan ng mga kwalipikado upang tasahan ang mga maaaring maging representative payee.

## SINO ANG DAPAT MAGKAROON NG ISANG REPRESENTATIVE PAYEE?

- ang karamihan ng mga batang wala pang 18;
- mga taong may sapat na gulang at ayon sa batas ay walang kakayahan; at
- ang sinumang natiyak naming walang kakayahang mamahala o mangasiwa sa kanyang mga pondo.

## SINO ANG MAAARING MAGSILBI BILANG IYONG REPRESENTATIVE PAYEE?

- ang isang tao (maliban sa isang nahatulang kriminal) na may pagmamalasakit sa iyong kawanggawa, karaniwan isang magulang, asawa, malapit na kamag-anak, guardian, o kaibigan;
- isang institusyon, tulad ng isang nursing home o tagapagbigay ng health care;
- isang pampubliko o nonprofit na ahensiya o pananalaping organisasyon; o
- mga tagapagbigay o mga administratibong opisyal sa mga homeless shelter.

## ANO ANG MGA TUNGKULIN NG IYONG REPRESENTATIVE PAYEE?

Ang pinakamahalagang tungkulin ng isang payee ay ang malaman ang mga pangangailangan ng benepisyaryo at gamitin ang mga benepisyo sa pinakamabuting kapakanan ng benepisyaro. Dapat gamitin ng iyong representative payee ang iyong mga benepisyo sa SSI para sa iyong mga kasalukuyang pangangailangan sa pagkain, kasuotan, at shelter.

Sa pana-panahon, hihilingin namin ang iyong representative payee na magkumpleto ng isang simpleng pagkukuwenta na magpapakita kung paano nila ginastos ang pera.

Dapat sagutin ng representative payee para sa iyo ang anuman sa aming mga kahilingan upang kumilos o magbigay ng impormasyon. Ang mga karaniwang kahilingan ay ang pagkukuwenta ng representative payee bawat taon, ang muling pagtitiyak ng pagiging kwalipikado sa SSI o kahilingan para sa ulat ukol sa patuloy na kapansanan.

Ang awtoridad ng iyong representative payee ay limitado sa mga bagay sa pagitan mo at namin. Ang isang representative payee ay hindi pareho ng isang power of attorney. Ang representative payee ay walang awtoridad na pumasok sa anumang mga umiiral na kontrata para sa iyo.

Ang iyong representative payee ang mananagot sa pag-ulat sa amin ng anumang mga pagbabago sa mga nangyayari sa iyo na maaaring makaapekto sa iyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo (halimbawa, income, mga pag-aari, pagbago ng address, mga sitwasyon sa paninirahan, pagbalik sa trabaho, atbp.).

Kahit kailan, ikaw o ang iyong representative payee ay maaaring humiling na baguhin namin o itigil namin ang pagsasaayos para sa payee. Pagkatapos ng ganoong kahilingan, iimbestigahin namin ang sitwasyon at gagawa kami ng pagtitiyak.

Kung ikaw ay isang representative payee para sa isang batang wala pang 18 taong gulang, tingnan ang **SSI PARA SA MGA BATA**, ang SSI Spotlight sa Mga **Dedikadong Account para sa mga Bata**, at ang **CONTINUING DISABILITY REVIEWS (mga CDR)** (PATULOY NA MGA ULAT TUNGKOL SA KAPANSANAN) para sa kung paano gumagana ang mga CDR para sa mga bata.

**MAHALAGA:** Ang Social Security ay nangangailangan ng mga boluntaryo na magsisilbi bilang mga representative payee. Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang aming tanging **website** o tawagan ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar. At tingnan din ang buklet na **Isang Patnubay para sa Representative Payees**, at **Isang Patnubay para sa Organizational Representative Payees**.

**ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.**